

**INAIL**



# Dayuhan, di banyaga

*ABC* ng kasiguraduhan ng trabaho

**Babasahin ng mga pangunahing kaalaman para sa mga dayuhang manggagawa at kanilang pamilya**

ISBN 978-88-7484-170-7

Edisyon 2010

Ito ay nihanda ng  
Pamunuang Sentral ng Komunikasyon

Guhit ni: Dario Tucci

Isinalin sa wikang Tagalog ni: Analiza Bueno Magsino  
para sa Stranieri in Italia Editore srl  
[www.stranieriinitalia.it](http://www.stranieriinitalia.it)

INAIL - Direzione Centrale Comunicazione  
Piazzale Giulio Pastore, 6 - 00144 Roma  
[dccomunicazione@inail.it](mailto:dccomunicazione@inail.it)  
**[www.inail.it](http://www.inail.it)**

Copyright © INAIL - Edisyon 2010  
Libreng ipinamimigay. Bawal itong ipagbili.

ISBN 978-88-7484-170-7

Likha ng Tipolitografia INAIL - Milano - Mayo 2010

Ang INAIL - Istituto Nazionale per l'Assicurazione contro gli Infortuni sul Lavoro - ay may layuning ibaba ang bilang ng aksidente, pangalagaan ang mga Trabahador na nagsasagawa ng mapanganib na gawain, mapadali ang paghahanap ng hanap-buhay para sa mga naaksidente sa trabaho.

Ang proteksyon ay may katangian tulad ng pinagsamang sistema, mula sa pag-iingat sa *job site* hanggang sa pangangalaga ng kalusugan at pang-ekonomiya, sa pagbabagong-buhay at *reintegration* sa lipunan at trabaho ng mga taong nakaranas ng aksidente at pagkakasakit.

Ang pag-iwas at ang pagsasakatuparan sa pamantayan ng kasiguraduhan ay kinakailangan upang pababain ang bilang ng aksidente sa trabaho.





Ang babasahing ito’y makakatulong sa iyo upang mas maintindihan ang ibig sabihin ng **pagtatrabaho nang ligtas**.

Habang nagtatrabaho ikaw ay may tungkulin: **huwag mong sasaktan ang iyong sarili**.

May mas mapanganib na gawain kaysa sa iba, dahil dito, inaasahan ang pag-iingat mula sa’yo upang maiwasan ang aksidente at pagkakasakit.

## ANG PAG-IINGAT AY MABUTI KAYSA SA MALAGAY SA PANGANIB

Upang mailigtas ang iyong sarili at buhay dapat **kumilos nang tama**.

Ipakikita namin sa iyo kung paano ang **pagkilos nang ligtas** upang hindi ka masaktan, at gayun din ang iba, habang nagtatrabaho sapagkat ang **iyong kalusugan ay napakahalaga**, hindi lamang para sa’yo kundi para na rin **sa iyong pamilya**.

Ipababatid rin namin kung ano ang **iyong karapatan** bilang manggagawa, ukol sa kasiguraduhan sa lugar ng trabaho.

Ipababatid namin ang dapat mong gawin kung ikaw ay nasaktan habang nagtatrabaho, kung ikaw ay **naaksidente**, o kung ikaw ay **nagkasakit dahil sa trabaho**.

Bawat taon ang mga manggagawang dayuhan ay nakararanas ng maraming aksidente.

Kaya mahalagang malaman na **ang batas ay tinutulungan ka** upang pangalagaan ang iyong kalusugan habang nagtatrabaho.

Dahil dito ang iyong **employer** ay may mga obligasyon at tungkulin sa iyo. Dapat mong malaman: makatutulong ito sa kung ano ang iyong hihilingin.



## Ang kasiguraduhan sa trabaho

Ano ang ibig ipakahulugan ng **kasiguraduhan sa trabaho**?

**Ang kahulugan nito ay pigilan at bawasan ang panganib sa aksidente at pagkakasakit nang dahil sa trabaho.**

Sa Italya ay may mga batas na nagtatakda ng kautusan at wastong pagkilos para sa mas ligtas na lugar para sa pagtatrabaho: ang bawat posibilidad na tanggalin ang panganib ay sinisikap na matamo at ito ay hindi hinahadlangan.

Dahil dito mahalaga rin ang **iyong pansin** at **ang iyong pakikipagtulungan**, bukod sa **tungkulin ng iyong employer** at **pangangalaga ng INAIL** na kung saan maari kang pumunta upang humingi ng kaalaman at magbigay-linaw sa iyong mga alinlangan.

## Ano ang INAIL

Ito ay isang institusyong nasyunal para mapangalagaan ang mga manggagawa sa mga panganib na kaakibat sa trabaho

Ang INAIL ay isang tanggapang pampubliko na **tumutulong** at **nangangalaga** sa iyo kung ikaw ay masasaktan o magkakasakit nang dahil sa trabaho.

Ang *employer* ay may tungkuling magbayad ng *insurance* sa INAIL.

Ang **insurance** na ito ay para sa **publiko at obligatory**: Inuutusan ng Estado ang *employer* na ikaw ay *i-insure* kung ang trabahong isinasagawa para sa kaniya ay ginagamitan ng mga makina, instrumento at anumang mapanganib na *equipments*.

Pinapangalagaan ng INAIL, **sa anumang kaso**, ang iyong kapakanan kahit ang iyong *employer* ay hindi nagbayad ng *insurance*.

## ANG IYONG KARAPATAN AT TUNGKULIN

### ANG PANGANIB: KUNG NALALAMAN MO, MAIIWASAN MO

Ikaw ay may karapatan, ayon sa batas, na:

- **ipaalam sa'yo** ng iyong *employer* o ng iyong *manager* ang tiyak na **panganib** sa iyong gawain at gayun din ang mga panganib na haharapin sa lugar ng trabaho;



- humiling ng **kursong propesyunal** sa iyong *employer* upang lalong malaman ang mga panganib at paano isasakatuparan nang ligtas ang gawain;

- ikaw ay magkaroon ng mga kagamitan bilang proteksyon sa mga panganib na hindi pwedeng maiwasan at ito ay dapat ibigay sa iyo ng iyong *employer*: ito ay ang mga *personal protective equipment* o **Dispositivi di Protezione Individuale (DPI)**;



- alamin ang R SSP, o ang tinatawag na **Responsabile del Servizio di Prevenzione e Protezione**, serbisyong binubuo ng mga *resources* at mga tauhan para mangalaga ay magbigay ng proteksyon sa mga panganib;

- kilalanin at makipag-ugnayan sa **RLS**, o ang tinatawag na **Rappresentante dei Lavoratori per la Sicurezza**, may mabilis na ugnayan sa Servizio di prevenzione;



- alamin ang mga pangalan ng mga **kinatawan sa first aid** at **first aid squad**, upang malaman kung kanino makikipag-ugnayan sa sandali ng panganib;




- alamin kung sino ang **manggagamot na may wastong pagsasanay** na inatasan bilang tagapangasiwa sa kalusugan ng mga manggagawa, na siyang lagiang magsusuri sa kalagayan ng kalusugan;



- alamin ang mga **alituntunin sa emergency ward, sa paglaban at paglikas sa sunog.**

## Ang iyong karapatan at karapatan ng iba:

Ang pangunahin mong tungkulin ay **ingatan ang iyong sarili**: huwag mong kalilimutan ang kahalagahan ng kaligtasan sa lugar ng trabaho. **Huwag ilalagay ang sarili sa panganib**: ito'y makakatulong din sa iyong mga kasama na maiwasan ito. Ang iyong kaligtasan ay kaligtasan din ng iba. Kung **lahat ay sama-sama** maaring mapanatiling ligtas ang inyong lugar.



## Ang iyong mga tungkulin:

- **gamitin** ang lahat ng **Dispositivi di Protezione Individuale (DPI)**:
  - huwag babaguhin
  - sumunod sa mga alituntunin
  - pangalagaan lagi ang mga kagamitang nakalaan sa iyo;
  - magsagawa ng pagsasanay upang magamit nang tama;
- **isagawa** ang mga **alituntunin** na ibinigay ng iyong *employer* tungkol sa kaligtasan at mga tanda ng panganib;
- **makiisa** sa kanya at sa mga *first aid staff* sa pagsunod sa mga pamantayan na mangangalaga sa iyong kalusugan;
- **ipaalam** kaagad ang anumang sira ng **DPI**;
- **huwag** gagawin, sa sariling pagkukusa, ang mga operasyon o paggalaw sa mga bagay na hindi bahagi ng iyong gawain o maaaring maglagay sa iyo at sa mga kasamahan sa trabaho sa panganib.



## ANG MGA TUNGKULIN NG IYONG EMPLOYER

Upang matiyak ang iyong kaligtasan sa trabaho, dapat pahalagahan ng iyong *employer* ang mga sumusunod:

- ang **pagsusuri sa panganib** (**valutazione dei rischi** (VdR) na may kaugnayan sa uri ng trabaho at mga bagay na hindi maiiwasan, kasama ng RSSP at kwalipikadong manggagamot na may wastong pagsasanay;

- **paghahanda** sa lahat ng hakbang na kinakailangan upang **mapigilan** ang aksidente at/o pagkakasakit at **pagsubok at pagpapanatili ng** mga panukala sa pamamagitan ng:
  - **pamamahagi** ng lahat ng **DPI** na nag-iiba-iba na naaayon sa uri ng trabaho: gwantes at *security belt*, salamin, *headphones* laban sa ingay, *helmet*, *aprons*, maskara, malinis na pananamit at marami pang iba upang maiwasan ang bantang panganib sa iyong kalusugan at kaligtasan;
  - **ang tamang paggamit sa mga kasangkapan sa trabaho (\*)** bilang pagsunod sa alituntunin ng kaligtasan;
  - **pagsasanay** sa tamang paggamit ng mga kasangkapan na ngailangan ng **dalubhasang** pag-aaral, na kung saan ay may **exclusive condition upang gamitin ang mga ito**;
- **exposure sa lahat ng mahahaling security signs** upang maiwasan o mabawasan ang bilang ng panganib na hindi maaaring maalis;
- ang **health control** sa mga manggagawa at mga panukala sa kalinisan.

\* Ito'y kagamitan ng kahit alinmang-uri ng makina, kasangkapan o istalasyon na maaaring gamitin sa trabaho at habang nagtatrabaho.



**Maaari mong makita na ang iba pang mga panukala sa kaligtasan ay isinasagawa ng tama sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa RLS.**



## ANG MGA HUGIS AT KULAY NG KALIGTASAN

**Ang mga TANDA ay napakahalaga sa mga lugar ng trabaho.**

**ANG HUGIS AT ANG MGA KULAY NG MGA PALATANDAAN** ay mga elementong ginagamit upang bigyang-babala kaagad ukol sa anumang panganib, sa mga ipinagbabawal, sa tungkulin o upang bigyan ka ng mahahalagang kaalaman.

**Laging** magtanong kung ano ang kahulugan ng mga palatandaan, ng mga tanda o ng simbolong hindi mo naiintindihan.

Ang hugis at ang mga kulay ng mga palatandaan ay **nagbabago** nang naayon sa diwa nito:

- Ang mga tanda ng **pagbabawal** ay laging **pula**;
- ang mga tanda na nagpapahiwatig ng **kilos o gawi** ay may kulay **asul**;
- ang mga tanda ng **babala** o ng pagpapaalala ay **dilaw o yellow-orange**;
- ang mga tanda ng **kaligtasan** o pagliligtas ay nagtuturo sa labasan o *exit*, mga mga materyales, at mga daanan ay kulay **berde**;
- ang mga tanda ng **sunog** na nagpapakita kung nasaan ang mga kagamitan laban sa sunog ay kulay **puti** at **pula**;
- ang mga tanda ng **mga kilos** ay nagpapakita ng tamang hakbang na dapat gawin.



## ANG MGA TANDA NG KALIGTASAN

## Narito ang ilan sa mga paalalang malimit makita:



bawal pumasok ang mga taong hindi kinatawan



ipinababawal ang trak



huwag hahawakan



tubig na hindi p'wedeng inumin



bawal ang paninigarilyo at paggamit ng apoy



bawal gumamit ng tubig sa pagpatay ng apoy



babala: byolohikong panganib



babala: malalim na pagkahulog sa bahaging ito



babala: *suspended loading*



nakapipinsalang sangkap



pamatay-apoy



pambomba ng apoy



daang dapat sundin



teleponong magagamit sa panahon ng sunog



kailangang gumamit ng gwantes



obligatoryo ang *helmet*



obligatoryong magsuot ng *security shoes*



obligatoryo ang *seat belt*



obligatoryo ang proteksyon sa katawan



obligatoryo ang proteksyon sa mata




*emergency ward*



*stretcher*



hugasan ng mata



*security shower*



*emergency exit* o pangmadaliang lagusan

## Ano ang mangyayari kung ikaw ay masasaktan?

Pwedeng mangyari sa iyo ang **aksidente sa trabaho**, ibig sabinin ay nasaktan ka habang nagtatrabaho o kaya'y habang **normal** na pumupunta, o umu-uwi, mula sa bahay papunta sa trabaho (**aksidente sa daan**). Kung sakaling mangyari ito, narito ang dapat mong gawin, **bagaman ang pinsala ay bahagya lamang**:

- ipagbigay-alam o magpaabiso agad sa *employer*;
- Pumunta **agad sa emergency ward o sa iyong doktor** at sabihing **ikaw ay nasaktan habang nagtatrabaho** at isalaysay nang tama ang buong pangyayari at kung saan ito nangyari.

**Dapat mong malaman na ang pagbibigay-alam ay pangunahing hakbang** upang makakuha sa INAIL ng lahat serbisyo na iyong kailangan **kahit walang regular na kontrata sa trabaho!**

**Ito ay hindi reklamo, ito ay paghiling ng iyong proteksyon.**

Ang *emergency ward* o ang iyong doktor ay dapat kang bigyan ng *medical certificate* at mga kopya nito na nagpapahayag sa pagsusuri at mga araw ng pagliban sa trabaho (prognosis);

- **ibigay agad sa employer ang medical certificate** at itago ang isang **kopya para sa iyo** (ang *xerox copy* ay hindi balido);
- Kung sa *expiration* ng sertipikato ikaw ay hindi pa magaling, maaari kang pumunta sa mga pagamutan ng INAIL office na malapit sa iyong tirahan, o sa iyong doktor upang humingi muli ng bagong *medical certificate*.

Kung hindi pa p'wedeng magtrabaho matapos ang tatlong araw, ang iyong *employer* ay obligadong magpakita ng **accident report at medical certificate sa INAIL, sa loob lamang ng dalawang araw** mula sa araw na ito'y matanggap.

**Alamin kung ginawa ito ng employer, ito ay para sa iyong kapakanan. At kung hindi, ikaw mismo ang magsagawa nito!**





## Ang pagkakasakit dahil sa trabaho

Karamihan sa sakit ay maaaring dahilan ng pagtatrabaho.

May proteksyon din ang INAIL dito.

Ang **doktor** lamang ang p'wedeng magbigay ng patunay sa pagkakasakit sa pamamagitan ng *medical certificate*. Kung ang dahilan ng pagkakasakit ay ang trabahong iyong isinasagawa, dapat mong ipadala sa iyong *employer* ang *medical certificate* sa loob ng 15 araw, at kung kailangang ituloy ang pagpapagamot, kailangan mong ipadala ang mga susunod na *medical certificates*. Kung **hindi mo na isinasagawa ang** trabahong ito, **pwede mong dalhin ng agaran sa INAIL** ang kahilingang kilalanin ang iyong pagkakasakit.

# Kakampi mo ang INAIL

## Mga serbisyo



Kung ikaw ay nasaktan sa trabaho, o ikaw ay nagkasakit dahil sa trabahong iyong isinasagawa, may karapatan kang pangalagaan ng INAIL sa pamamagitan ng mga **serbisyong pampinansyal at pangkalusugan**.

**Ang pangangalaga ay para sa iyo at kahit hindi binayaran ng iyong employer ang insurance**, may mabilisang serbisyo kang matatanggap.

### Ang mga serbisyo ay pampinansyal at pangkalusugan.

Napakahalaga ng mga ito sapagkat maaari kang magkaroon ng:

- **pera sa araw-araw** kung hindi ka pa gumagaling sa sakit sa unang tatlong araw (ito'y **serbisyong pampinansyal**, tinatawag **na tulong sa pansamantalang hindi pagtatrabaho dahil sa sakit**):
  - katumbas ng 100% ng iyong *pay slip* para sa araw ng aksidente, na dapat ibayad sa iyo ng iyong *employer*;
  - 60% para sa tatlong araw, na dapat ibayad sa iyo ng iyong *employer*;
  - 60% mula sa 4° hanggang 90°, na babayaran ng INAIL;
  - 75% mula sa 91° araw hanggang sa paggaling sa sakit, na dapat bayaran ng INAIL kasama ang pagpapabuti sa *contractual condition*.
- ang **libreng pagpapagamot** mula sa Servizio Sanitario Nazionale ay sa mga pagamutan at *emergency ward* (**serbisyong pangkalusugan**);



- ang **libreng pagpapagamot sa mga dalubhasa** ay isinasagawa sa mga espesyalisadong Health Centers ng Servizio Sanitario Nazionale na isinasagawa sa mga sentro ng aktibong *legal doctors* sa tanggapan ng INAIL (**serbisyong pangkalusugan**). Upang tumanggap ng mga serbisyo ng INAIL, **dapat magpakita** ng kahilingan sa loob ng 'di bababa sa 3 taon mula sa araw ng aksidente, o sa umpisa ng pagkakasakit.

Upang isagawa ang kahilingan, maaari kang humingi ng **tulong** sa mga **Patronati o Tagapagtanggol** sapagkat, ayon sa batas, ang pangangalaga sa iyong karapatan ay makukuha nang **walang-bayad**.

**Bawat tanggapan ng INAIL** ay p'wedeng magbigay ng lahat ng mga kaalaman upang maiwasan ang aksidente at pagkakasakit, kahit sa kasong naputulan ka ng isang paa at nangangailangan ng **prostosis o dagdag at pangangalaga** upang makabalik sa trabahong pang-araw-araw (kahit man ito ay serbisyong pangkalusugan).

Sa sistema ng proteksyon ng INAIL, may mga tanggapanang may mataas na kasanayan para **sa rehabilitation** at ang **muling pagpasok** sa trabaho:

- ang **Centro Protesi INAIL** ng Vigorso di Budrio - Bologna, na may tanggapan din sa Roma, ay matatagpuan sa Casa di Cura "Villa Sacra Famiglia";
- Ang **Centro di Riabilitazione Motoria** ng Volterra.

## Ang kasong pagkamatay dahil sa aksidente

Gayundin sa panahon na ang *worker* ay biktima ng aksidente na naging dahilan ng pagbuwis ng kaniyang buhay, may mga serbisyong pampinansyal siyang matatanggap para sa **kanyang mga naiwan** at **tseke para sa gastusin sa paglilibing**.

Ang **pamilya**, kahit ito'y nasa labas ng bansang Italya, ang mga **naiwang miyembro ng pamilya** ay susulentuhan ng INAIL bawat buwan.

Upang ito'y makamit, ang miyembro ng pamilya ay dapat magpadala ng aplikasyon.





## **MGA KATANUNGAN**

- **Ano ang mangyayari kung ikaw ay nagtatrabaho ngunit ang iyong employer ay hindi ka ipinagbabayad ng insurance at ikaw ay nasaktan? O ikaw ay nagkasakit dahil sa trabaho?**
  - May karapatan ka pa rin sa lahat ng mga serbisyo ng INAIL.
- **Sa kasong aksidente, ano ang iyong gagawin?**
  - Ipaalam mo agad sa iyong employer at magpadala ng *medical certificate*. Kung hihigit sa tatlong araw kang liban sa trabaho, ang employer sa loob 2 araw nang matanggap ang sertipikasyon, ay dapat magpadala sa INAIL ng nasabing sertipikasyon kalakip ang *accident report*.
- **Matapos kang magpunta sa emergency ward, dapat ka pa bang pumunta sa iyong doktor o sa INAIL?**
  - Kahit saan mo gusto. Ang INAIL ay may mga pagamutan mismo sa mga tanggapan nito kung saan ang lahat ng manggagawa na naaksidente ay may karapatan silang malapatan ng lunas. Subalit, kung gusto mo, maaari kang pumunta sa iyong pinagkakatiwalaang doktor.
- **Kung ikaw ay na-confine sa ospital paano mo ipapaalam ang aksidente?**
  - Sa kasong ito, ang ospital ang magpapadala ng kopya ng *medical certificate* sa INAIL at sa iyong employer. Gayunpaman, kailangan mong ipagbigay-alam sa iyong employer.
- **Ano ang sustento sa pansamantalang inability sa trabaho?**
  - Ito ay ang serbisyonang pampinansyal na ibibigay sa iyo upang punuan ang kakulangan na halaga mula sa sweldo.
  - May mga karapatan ka kung ikaw ay nasaktan (kung naaksidente) o ikaw ay nagkasakit dahil sa trabaho (professional illness) at ikaw ay “liban” sa trabaho ng higit sa tatlong araw.
  - Sa umpisa ng susunod na pang-apat na araw ng aksidente o pagkakasakit.
  - Ikaw ay babayaran sa loob ng panahong “liban pansamantala” sa trabaho, kasama ang mga *holidays*, hanggang sa ikaw ay gumaling. Ang paggaling sa sakit ay pag-aaralan ng doktor ng INAIL.
- **Sa sandali ng professional illness, ano ang iyong gagawin?**
  - Sa loob ng 15 araw mula sa oras na tinanggap ng iyong doktor ang iyong pagkakasakit, dapat mo itong ipaalam sa iyong employer. Ang employer naman sa loob ng 5 araw mula sa oras na matanggap ang *medical certificate*, kailangan niyang ipadala ito sa INAIL kasama ang *professional illness report*.
- **Sino ang may karapatan sa protosis at sa pagpapagamot?**
  - Sinumang worker na naging *disabled* matapos maaksidente sa trabaho.



**NASAAN ANG INAIL**

## Ang Inail ay matatagpuan sa lahat ng teritoryong nasyunal

Hanapin ang pinakamalapit na Tanggapan ng INAIL, makakatanggap ka ng lahat na kaalamang iyong kailangan.



Pwede kang tumawag sa l' **INAIL** :



sa libreng numero na **803.164**

- mula Lunes hanggang Biyernes **mula 8:00 hanggang 20:00**
- sa araw ng Sabado mula **8:00 hanggang 14:00**
- aktibo ang awtomatikong serbisyong 24 oras araw-araw, gayun din sa holidays
- ang mga kaalaman ay isinalin sa 7 wika: *german, english, french, arab, polish, spanish at russian*

Ang address ng lahat ng tanggapan sa teritoryo at ito'y available matatagpuan din sa national telephone directory



sa website na **www.inail.it**

Sa babasahin na ito sinikap naming magbigay ng mahahalagang indikasyon sa iyo na bagong-dating na nagtatrabaho sa Italya at hindi mo pa nalalaman ang aming batas, mga tanggapan at wika.

Napakahalaga sa amin ang iyong **pagpapahalaga sa wastong pagkilos.**

Sa mga Tanggapan ng INAIL makukuha mo ang mga balita at kaalaman tungkol sa mga paksang nabanggit dito.